Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Nueba Esiha
BAYAN NG BONGABON
# TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

## EHEKUTIBONG KAUTUSAN BILANG. 19 , S. 2022

**KAUTUSAN PARA SA PAGTATAKDA NG MGA ALITUNTUNIN SA PAGGAMIT NG BULWAGANG PAMBAYAN (MUNICIPAL PLAZA) NA MATATAGPUAN SA BARANGAY SOCIAL, BONGABON, NUEVA ECIJA**

Para sa maayos na paggamit ng ating Bulwagang Pambayan (Municipal Plaza), ang mga sumusunod na alituntunin ay kailangang ipatupad sa lahat ng pagkakataon maliban sa mga natatanging okasyon;

1. Ang plaza ay bukas mula 6:00 ng umaga hanggang alas 10:00 ng gabi (mababago sa mga "SPECIAL" na okasyon kung kinakailangan).
2. Lahat ng palikuran (Comfort Rooms) ay magbubukas kasabay ng pagbubukas ng Plaza Bawal gamitin ito bilang paliguan at labahan.
3. Ang Basketball at Volleyball courts ay magagamit lamang kung walang nakatakdang "MISA" ng St. Francis of Assisi Parish.
4. Ang mga gagamiting ilaw sa Basketball at Volleyball courts ay bubuksan lamang mula alas 6:00 ng hapon hanggang alas 10:00 ng gabi, maliban sa mga "SPECIAL" na laro.
5. Kung walang okasyon o laro, lahat ng ilaw sa loob ng gymnasium at kailangang nakapatay.
6. Lahat ng mga sasakyan ay kailangang naka-park ng maayos sa kanilang nakatakdang kalalagyan (Parking Space).
7. Lahat ng "AMBULANT VENDORS" o manininda ay kailangang nakaayos sa kanilang itinakdang lugar.
8. Ang sinumang mahuhuling naninira o nagnanakaw ng anumang gamit o halaman sa plaza ay sasailalim sa karampatang kaparusahan.
9. Ang pagamit ng plaza ng anumang institusyon o organisasyon ay kailangang may permiso mula sa tanggapan ng Pambayang Administrador o Punong Bayan.

"PANATILIHIN ANG KAAYUSAN SA PLAZA PARA SA KAPAKANAN NG MADLA"

Ang kautusang ito ay pamamahalaan ng tanggapan ng Punong Bayan sa pamamagitan ng itatalagang mangangasiwa sa nasabing pasilidad.

Nilagdaang ngayong Agosto 19,2022 sa Bongabon, Nueva Ecija.

**RICARDO I. PADILLA**
Punong Bayan